# Salitang buhay

gabay ng mga nagmimisyong lingkod ng Panginoon



## Ikalabinlimang Linggo pagkaraan ng Pentekostes

TAON B | SETYEMBRE 01, 2024 | LUNTIAN

**PANIMULA**

*Namumuno* Magandang araw po sa ating lahat, ngayon po ay nagdiriwang tayo ng Ikalabinlimang Linggo pagkaraan ng Pentekostes.

Sa panahon natin ngayon, ang karamihang Pilipino ay nakatuon sa makabagong teknolohiya na dulot ng pagbabago ng panahon. Subalit ang Salita ng Diyos magpahanggang ngayon ay patuloy na umaayon sa modernong panahon upang makipag-ugnay sa atin. Sa Ebanghelyo, ipinakita ng Panginoong Hesukristo ang Kanyang naging kontribusyon sa pagbabago ng minanang turo ng mga Pariseo, Judio, at mga guro sa sinagoga. Siya ang naging daan upang mabago ang pagtingin sa katuruan. Sa kabuuan, ang mahalaga para sa Diyos ay yaong turong magdudulot ng kabutihan para sa lahat,

sa ikapakikinabang ng sambayanang maka-Diyos na may pananampalataya.

*Tatayo ang lahat para sa pagsisimula ng Banal na Misa.*

**PANALANGING PAMBUNGAD**

*Pari* Diyos na makapangyarihan, pinagmumulan ng lahat ng kabutihan; marapating itanim sa aming mga puso ang pagmamahal sa Iyong kagustuhan, pangalagaan ang kabutihang nasa aming mga puso at huwag kaming pabayaang manghinawa sa paglilingkod sa Iyo at sa aming kapwa; alang-alang kay Hesukristo na aming Panginoon, na nabubuhay at naghaharing kasama Mo at ng Espiritu Santo, iisang Diyos ngayon at magpakailanman. *Amen.*

*Uupo ang lahat upang pakinggan ang mga pagbasa.*

**UNANG PAGBASA |** Deuteronomio 4:1-2, 6-9 **|**

*Ang turo mula sa Diyos kailanma'y huwag bawasan ni daragdagan. Ito ang binabanggit ni Moises sa Kanyang mga habilin sa mga Israelita. Ang katuruan ni Yahweh ay gawing ganap na alituntunin habang buhay, upang sa gayon ay magkaroon ng tunay na kaganapan ang pananampalataya sa Panginoon.*

*Tagabasa* **Pagbasa mula aklat ng Deuteronomio.**

Sinabi ni Moises sa mga tao: "Ngayon, mga Israelita, upang mabuhay kayo nang matagal at makarating sa lupaing ibinigay sa inyo ng Panginoon, unawain ninyong mabuti at sundin ang tuntuning itinuturo ko sa inyo. Huwag ninyo itong daragdagan ni babawasan. Sundin ninyo ito nang walang labis at walang kulang. Unawain ninyo ito at sunding mabuti. Sa gayon, makikita ng ibang bansa ang inyong

karunungan at lawak ng pang-unawa. Sa gayon, hindi nila mapipigilang sabihin ang ganito: ‘Ang bansang ito’y matalino at may malawak na pagkaunawa.’ “Sinong diyos ng ibang bansa ang handang tumulong anumang oras liban sa Panginoon? Aling bansa ang may tuntuning kasing inam ng mga tuntuning ibinigay ko sa inyo ngayon?”

*Tagabasa* Ang Salita ng Panginoon.
*Bayan* ***Salamat sa Diyos.***

**SALMO RESPONSORIO |** Awit 15 **|**

**YAONG MGA MASUNURIN, POON, AY ANG IYONG IBIGIN**

*Namumuno* Sino kayang tatanggapin sa templo mong nasa Sion? Sino kaya ang marapat sa burol mo, Panginoon? Yaong mga masunurin na sa iyo’y nakikinig, at ang laging ginagawa’y naaayon sa matuwid, kung mangusap ay totoo, sa lahat at bawat saglit. **TUGON.**

*Namumuno* Yaong gawang paninira’y hindi niya naiisip. Kailanman, siya’y tapat makisama sa kapwa, sa kaniyang kaibiga’y wala siyang maling gawa; hindi siya nagkakalat ng di tunay na balita. Hindi niya tinatanggap ang kay Yahweng itinakwil, at ang binibigyang dangal ay ang mga masunurin; sa pangakong binitiwa’y hindi sila nagtataksil, kahit anong kahinatnan salita n’ya ay tutupdin. **TUGON.**

*Namumuno* Hindi siya humihingi ng patubo sa pautang, at kahit na anong gawi’y hindi siya masuhulan, upang yaong walang sala’y patawan ng kasalanan. **HULING TUGON.**

**IKALAWANG PAGBASA |** Santiago 1:17-27 **|**

*Magiging ganap ang aral ni Kristo kung ito ay ginagawa sa buong pagkatao—ang mahalin ang kapwa at ituro ang paglapit sa tunay na Guro ng kabutihan.*

*Tagabasa* **Pagbasa mula sa sulat ni Apostol Santiago.**

Mga kapatid, bawat kaloob na mabuti at ganap ay buhat sa langit, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa langit. Hindi siya nagbabago. Hindi niya tayo iniiwan o binabayaan man sa dilim. Niloob niyang tayo'y maging anak niya sa pamamagitan ng salita ng katotohanan, upang matangi tayo at maging higit sa lahat ng kanyang mga nilalang. Tandaan ninyo ito, mga kapatid kong minamahal: matuto kayong makinig, dahan-dahan sa pagsasalita, at huwag agad magagalit. Sapagkat ang galit ay di nakatutulong sa tao upang maging matuwid sa paningin ng Diyos. Kaya't talikdan ninyo ang inyong maruruming gawa at alisin ang masasamang asal, at buong pagpapakumbabang tanggapin ang salita ng Diyos na natanim sa inyong puso. Ito ang makapagliligtas sa inyo. Mamuhay kayo ayon sa salita ng Diyos. Kung ito'y pinakikinggan lamang ninyo ngunit hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang inyong sarili. Sapagkat ang nakikinig lamang ng salita at hindi nagsasagawa nito ay katulad ng isang taong humarap sa salamin at umalis matapos makita ang sarili. Agad nalilimutan ang kanyang ayos. Ngunit ang nagsasaliksik at patuloy na nagsasagawa ng kautusang sakdal at nagpapalaya sa tao at hindi isang tagapakinig lamang na pagkatapos ay nakalilimot - ang taong iyan ang pagpapalain ng Diyos sa lahat niyang gawain. Kung inaakala ninuman na siya'y talagang relihiyoso, ngunit hindi naman marunong magpigil ng dila, dinadaya lamang niya ang kanyang sarili at walang kabuluhan ang kanyang

pagiging relihiyoso. Ganito ang pagkarelihiyoso na minamarapat at kinalulugdan ng ating Diyos at Ama: tulungan ang mga ulila at mga babaing balo sa kanilang kahirapan, at ingatan ang sarili na huwag mahawa sa kasamaan ng sanlibutang ito.

*Tagabasa* Ang Salita ng Panginoon.
***Bayan*** ***Salamat sa Diyos.***

*Tatayo ang lahat sa Banal na Ebanghelyo ng Panginoon.*

**ANG EBANGHELYO |** Marcos 7:1-8, 14-15, 21-23 **|**

*Aleluya! Aleluya! Sabik akong naghihintay sa tulong mo, Panginoon, pagkat ako'y may tiwala sa pangako mong pagtulong! Aleluya! Aleluya!*
***-Awit 130:5***

*Pari* Ang Panginoon ay sumainyo.
***Bayan*** ***At sumaiyo rin.***

*Pari* Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos.
***Bayan*** ***Luwalhati sa Iyo, Panginoong Hesukristo.***

Noong panahong iyon, may mga Pariseo at ilang eskribang galing sa Jerusalem, na lumapit kay Hesus. Nakita nila na ang ilan sa mga alagad ni Hesus ay kumain nang hindi muna naghugas ng kamay sa paraang naaayon sa turong minana nila. Ang mga Judio, lalo na ang mga Pariseo, ay hindi kumakain hangga't hindi nakapaghuhugas ng kamay ayon sa mga turong minana nila sa kanilang mga ninuno. Hindi rin sila kumakain ng anumang galing sa palengke nang hindi muna ito hinuhugasan. At marami pang ibang minanang turo ang kanilang sinusunod, tulad ng tanging paraan ng paghuhugas ng mga inuman, ng mga saro, ng mga sisidlang

tanso, at mga higaan. Kaya't tinanong si Hesus ng mga Pariseo at mga eskriba, "Bakit hindi sumusunod ang mga alagad mo sa mga turo ng ating mga ninuno? Kumain sila nang hindi man lamang naghugas ng kamay ayon sa paraang iniutos!" Sinagot sila ni Hesus, "Tama ang hula ni Isaias tungkol sa inyo. Mapagpaimbabaw nga kayo, gaya ng kanyang isinulat: 'Paggalang na handog sa 'kin ng bayan ko'y paimbabaw lamang, sapagkat sa bibig at hindi sa puso ito bumubukal. Pagpuri't pagsambang ginagawa nila'y walang kabuluhan, ang utos ng tao ay itinuturong utos ng Maykapal.' Niwawalang-kabuluhan nga ninyo ang utos ng Diyos, at ang sinusunod ninyo'y ang turo ng tao." Muling pinalapit ni Hesus ang mga tao at sinabi sa kanila, "Makinig kayong lahat, at unawain ang aking sasabihin! Hindi ang pumapasok sa bibig ng tao ang nakapagpaparumi sa kanya sa mata ng Diyos kundi ang mga nagmumula sa kanya. "Sapagkat sa loob – sa puso ng tao – nagmumula ang masasamang isipang nag-uudyok sa kanya na makiapid, magnakaw, pumatay, mangalunya, mag-imbot, at gumawa ng lahat ng kabuktutan, tulad ng pagdaraya, kahalayan, pagkainggit, paninirang-puri, kapalaluan, at kahangalan. Ang lahat ng ito'y nanggagaling sa puso ng tao, at siyang nagpaparumi sa kanya."

*Pari* Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
***Bayan*** ***Papuri sa Iyo, Panginoong Hesukristo.***

*Isusunod ang Homilya at ipagpapatuloy sa Liturhiya ng Banal na Eukaristiya.*

**PANALANGIN NG BAYAN**
*Luluhod ang lahat.*

*Pari* Ipinaaalaala sa atin ngayon ng Mabuting Balita ang dakilang kahalagahan ng paglinang ng tamang saloobing moral at ng pagsunod sa utos ng Diyos. Nananalig sa Kanyang

pagmamahal sa atin, manalangin tayo: ***Bukal ng lahat ng kabanalan, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Para sa Simbahan at mga pinuno nito: Nawa maisaayos nila ang kanilang mga pinahahalagahan nang hindi napadadala sa mga uso o panghihinang moral sa kasalukuyan. Manalangin tayo. ***Bukal ng lahat ng kabanalan, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Para sa lahat ng mga magulang: Nawa turuan nila ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng salita at mabubuting halimbawa, at nawa ang kanilang asal ay tuwinang patnubayan ng utos ng Diyos. Manalangin tayo. ***Bukal ng lahat ng kabanalan, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Para sa lahat ng nagtuturo ng relihiyon: Nawa akayin nila ang kanilang mga estudyante sa isang maayos na pagtanggap sa mga pagpapahalaga ng Ebanghelyo at ganyakin silang mabuhay alinsunod sa ganitong mga pagpapahalaga. Manalangin tayo. ***Bukal ng lahat ng kabanalan, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Para sa kabataan sa buong mundo, lalo na sa ating bansa: Nawa tanggihan nila ang anumang panghamak at di-karapat-dapat sa tao, at tupdin ang sa kanila'y nagpapadakila. Manalangin tayo. ***Bukal ng lahat ng kabanalan, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Para sa lahat ng kasapi ng mga nagtuturo para sa katekismo: Nawa sila'y suportahan ng kanilang komunidad sa kanilang mahalagang misyong pagtuturo ng pananampalataya.

Manalangin tayo. ***Bukal ng lahat ng kabanalan, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Sa katahimikan, idalangin natin ang ating mga pansariling kahilingan.

*Maglaan ng sandaling katahimikan.*

*Pari* Manalangin tayo.

Panginoong Diyos, sinugo Mo ang Iyong Anak upang ipaalaala sa amin ang pangangailangan sa mga tamang pagpapahalaga sa buhay. Ipagkaloob Mo sa amin ang biyayang malaman namin ang tama, gawin ang mabuti, at magpunyagi sa paglilingkod sa Iyo hanggang sa dulo ng aming buhay. *Amen.*